**Pamagat**: Mga Pagpapala sa Pagsunod kay Christo.

**Texto**: 1 John 2:28-29 "And now, little children, abide in him; that, when he shall appear, we may have confidence, and not be ashamed before him at his coming. (v. 29) If ye know that he is righteous, ye know that every one that doeth righteousness is born of him."

*Pagsasalin*: At ngayon, mumunti kong mga anak, manahan kayo sa kaniya; upang, kung siya'y mahayag, ay magkaroon kayo ng pagkakatiwala, at huwag tayong mangapahiya sa harapan niya sa kaniyang pagparito. (v.29) Kung nalalaman ninyong siya'y matuwid, nalalaman naman ninyo na ang bawa't gumagawa ng katuwiran ay ipinanganak niya. (1 Juan 2:28-29)

**Panimula**:

1. Ang Pasko ay ang pagdiriwang natin ng unang pagdating ng ating Panginoong Jesucristo.

2. Siya ay muling babalik, at dapat tayo ay maging handa. Palaging handa.

**I. Ang Pagpapanatili sa Kaniya**:

A. Pagpapanatili sa Kaniyang persona at gawain. (Jn. 15:4)

B. Pagpapanatili sa Kaniya kahit na sa harap ng kahirapan. (1 Pet. 1:12-13)
- B.1. Kasama natin ang kapangyarihan at ginhawa ng kaniyang mga salita. (Jer. 23:29)
- B.2. Tinatangkilik natin ang presensya ng Diyos. (Isa. 51:12)
- B.3. Lahat ng ating kahirapan ay sinukat ng Diyos. (1 Cor. 10:13)
- B.4. Mayroong layunin ang Diyos sa bawat kahirapan. (Ps. 89:30-32). [koreksyon; wasto]
- B.5. Hindi siya pumapayag na walang katapusan ang kahirapan. (Lamentations 3:32)

**II. Ang Pananalig sa Kaniya o Kahihiyan**:

A. Dalawa lamang ang mga pagpipiliin.

B. Noong una niyang pagdating ito ay tahimik, at secreto. Pero sa kaniyang muling pagbabalik ito ay sa harap ng lahat ng mga tao. (Rev. 1:7 – lahat ng mga mata…).

C. Mapapahiya ang lahat ng umaasa sa iba't-ibang mga diyos-diyosan, sa sarili, sa kanilang mga ambisyon (na hindi kasama o sumasangayon sa Diyos).

D. Tingnan ang Mark 8:38 "magmamakahiya sa akin at sa aking mga salita…sa kaniya rin magmamakahiya ang Anak ng Tao…"

**III. Ang Katiyakan na Dulot ng Pagpapanatili sa Kaniya**:

A. Maari kang magkaroon ng katiyakan, una, Kapag kilala mo Siya. (v.29) Siya ay matuwid.

B. Maari kang magkaroon ng katiyakan, pangalawa, Kapag gumagawa ka ng makatuwiran.

C. Lahat ng katuwiran natin ay nagmumula sa Kaniya.

**Katapusan**:

1. Isang mahusay na pribilehiyo at responsibilidad na maging mga anak ng Diyos.

2. Ang buhay natin ang galing sa Kaniya, at nararapat lamang na isauli natin sa kaniya ang ating buhay na may kasamang pagpupuri at pasasalamat. Manatili tayo sa Kaniya at patuloy tayo na manalig sa Kaniya, at balang araw, sa kaniyang pagbabalik ay hindi tayo mapapahiya pero punong puno tayo ng kagalakan.